# Anong mayroon at kaya ng Amlan Municipal High School

Disyembre 16, 2014

Ang Amlan National High School ay isang institusyon na humuhubog ng maraming kabataan upang maging isang maunlad at mabuting mamamayan. Kahit na minsa'y binatikos dahil sa may nagawang kamalian ngunit nananatiling matatag at palaban. Ang lahat ng pagsubok ay kayang lagpasan manalo man o matalo nananatiling positibo ang paniniwala sa sariling kakayahan. Maraming patimpalak na sinalihan dahil sa gustong patunayan na mayroon itong kakayahang maipagmalaki kaninuman. Kahit na matalo sa laban ngunit hindi ito nagpapababa sa sariling kumpiyansa.

Isang patunay na ang ANHS ay walang inuurungang laban ay nang sumali ito sa patimpalak sa pag-awit sa ginanap na LAS- Congressional Level na ginanap sa San Jose Negros Oriental noong ika-6 ng Nobyembre. Sa patimpalak sa pag-awit ng duet sa kategoryang Filipino, nakuha nina Ricardo Duran at Geah Lee Mirasol ang pangalawang gantimpala. Sa patimpalak sa pag-awit ng solo sa kategoryang English ang unang gantimpala ay nakuha ni Jeanette Rabanal.

Hindi man nanalo sa ibang kategorya ngunit laking pasasalamat ng lahat sa mga ipinakitang galing at husay ng mga mag-aaral sa pagpapakita ng kanilang talento. At suporta ng lahat ng tagapagsanay na naglaan ng panahon at galing sa pagsanay upang mahasa ang mga kalahok.

Laging isaisip na sa bawat laban ay may nananalo at natatalo. Ayon kay kuya kim, "ang buhay ay weather weather lang". Pana-panahon lang 'yan 'ika nga.

**END.**